GRADE V

# PROYEKTO: PAMAHALAANG BARANGAY NG UNANG PILIPINO



## ALAMIN MO

Ikaw ay kasama sa isang barangay ngayon. Marahil kilala mo kung sinu-sino ang namamahala sa inyong barangay.

*Alam mo ba na maraming pinagdaanang pagbabago sa pamamahala ng mga pamayanan magmula sa sinaunang panahon hanggang sa kasalukuyan?*

Ang modyul na ito ang tutulong sa iyo sa paglalarawan ng pamahalaan ng mga unang Pilipino. Kabilang sa modyul na ito ang mga kaalaman ukol sa pinagmulan ng barangay, pagpili ng pinuno, mga katungkulan at kapangyarihan ng pinuno, ang tumutulong sa pinuno para maayos ang pamayanan at uri ng paglilingkod ng mga kasapi sa pamayanan.

Sa lahat ng gawain, intindihing mabuti ang binabasa at sumunod sa mga panuto. Isulat sa kwaderno ang mga sagot sa bawat gawain.



## PAG-ARALAN MO


Ang mga pamayanan, maliit man o malaki ay kinakailangang may namamahala dahil may mga batas na pinaiiral dito. Ang pinuno at mga kasapi ay may kanya-kanyang tungkulin at pananagutan para mapanatili ang kaayusan sa pamayanan.

Tatalakayin natin ngayon ang pamamahala ng unang Pilipino.



A. Ano ang pinagmulan ng barangay?
Pagmasdang mabuti ang larawan at basahin ang teksto.

**Ang Pinagmulan ng Baranggay**



Ayon sa kasaysayan, ang mga Malay na dumating sa ating bansa ay nakasakay sa isang bangka tulad ng nakalarawan. Ang tawag sa bangkang ito ay **balangay**. Ang mga taong nakalulan sa balangay ay pumili ng lugar at nagtatag ng isang pamayanan at tinawag itong barangay.

Ang salitang barangay ay tumutukoy sa pinakamaliit na uri ng pamamahala sa sinaunang pamayanang Pilipino. Tumutukoy rin ito sa mga pangkat ng magkakamag-anak o angkan. Ang isang barangay ay binubuo ng 30 hanggang 100 pamilya.

Sagutin ang bawat tanong. Isulat ang titik o bilang sa bawat kahon.

1. Ano ang tawag sa bangkang ginamit ng mga Malay na dumating sa bansa?

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | L | | | | | |

2. Ano ang tawag sa uri ng pamamahala sa pamayanan ng unang panahon?

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | R | | | | | |

3. Ilan ang pinakamaliiit na bilang ng pamilyang bumubuo ng isang barangay?

| | |
|---|---|
| | |

4. Ilan ang pinakamalaking bilang ng pamilyang bumubuo ng isang barangay?

| | | |
|---|---|---|
| | | |

B. Sino ang namuno sa unang barangay? Ano ang tungkulin niya bilang pinuno? Gaano kalawak ang kanyang kapangyarihan? Pagmasdang mabuti ang nakalarawan at basahin ang teksto.

**Tungkulin at Kapangyarihan ng Isang Pinuno**



Ang isang barangay ay pinamumunuan ng isang datu. Ang pagiging datu ay natatamo sa pamamagitan ng mana, karunungan, kayamanan, kapangyarihang pisikal, pagkakamag-anak o gulang. Ang datu ang pinunong tagapagpaganap, mambabatas at tagahukom sa barangay. Tungkulin ng datu na pangalagaan ang mga alagad at ibigay ang kanilang pangangailangan. Ang anumang kapansanang dulot ng ibang barangay sa isang kasapi ay nangangahulugan ng pakikipaglaban o pakikidigma.

Ang datu ay makapangyarihan. Maaari niyang parusahan ang suwail na alagad o kunin ang mga ari-arian nito. Maaari rin siyang magpakita ng kabaitan at pakikipagkapwa sa mga nasasakupan. Palagi niyang ipinadarama ang kahalagahan ng pagtutulungan at pagkakaisa sa barangay

Sagutin ang bawat tanong. Isulat ang mga sagot sa kwaderno.

1. Ano ang tawag sa pinuno ng mga unang barangay?
2. Paano natatamo ang pagiging datu?
3. Paano ipinapakita ng isang datu na siya'y makapangyarihan?
4. Paano ipinapakita ng isang datu ang kanyang kabaitan?

C. Hindi makakaya ng isang datu ang lahat ng kanyang tungkulin na nag-iisa. Sinu-sino ang tumutulong sa kanya? Matutunghayan mo sa tsart sa ibaba ang mga taong tumutulong sa datu.

Mga Tumutulong sa Datu

| Tawag sa may Katungkulan | Tungkulin |
|---|---|
| 1. Babaylan | Nangangasiwa sa mga gawaing panrelihiyon<br>Halimbawa:<br>A. Panghuhula<br>B. Pagsamba sa mga anito<br>C. Pag-aalay para gumaling ang maysakit |
| 2. Panday | Namamahala sa paggawa ng mga kasangkapang kinakailangan ng barangay.<br>Halimbawa:<br>A. kagamitan sa pagtatanim<br>B. kagamitan sa pangangaso<br>C. kagamitan sa pakikidigma |

| | |
|---|---|
| 3. Lupon ng Matatanda | Nagbibigay ng payo sa datu tungkol sa:<br>A. gagawing batas<br>B. paglilitis sa mga kaso<br>C. pagpapahayag ng pakikidigma<br>D. pagpapatupad sa mga batas<br>E. pakikipag-ugnayan sa ibang barangay |

Sagutin ang tanong. Isulat sa kwaderno ang mga sagot.

Bakit kailangan ng datu ang babaylan? Panday? Lupon ng matatanda?

Hindi lamang datu, babaylan, panday o Lupon ng Matatanda ang mga may katungkulan sa barangay. Ang mga kasapi ay may katungkulan din.

Nagbibigay ang mga kasapi ng iba-ibang uri ng paglilingkod sa datu. Nagbibigay sila ng buwis sa pamamagitan ng ani o anumang produkto. Naglilingkod sila sa panahon ng digmaan, paglalayag, pagtatanim, pag-aani at pagpapatayo ng bahay.

Sagutin ang tanong. Isulat sa kwaderno ang sagot.

Bakit kinakailangang maglingkod ang mga kasapi ng isang barangay sa datu?

## PAGSANAYAN MO

Gumawa ng isang graphic organizer sa tulong ng mga palatandaan na nakasulat sa loob ng panaklong ( ). Ang unang bilang ay ginawa na para maging halimbawa.

A. Mga nanungkulan sa pamahalaan ng unang Pilipino.

1. BARANGAY
(Tawag sa pamahalaan ng unang Pilipino)

2. ____________________
(Tawag sa pinuno)

3. ____________________
(Namuno sa gawaing Panrelihiyon)

4. ____________________
(Namahala sa paggawa ng mga kasangkapan)

5. ____________________
(Lupon na tagapayo ukol sa batas, digmaan at pakikipag-ugnayan)

B. Tungkulin at kapangyarihan ng datu.

1. DATU

(Pinuno ng barangay)

2. Paraan upang maging datu

A.
B.
C.
D.
E.
F.

3. Tungkulin ng datu

A.
B.
C.


4. Kapangyarihan ng datu

A.
B.
C.


5. Pagpapakita ng kabutihan

A.
B.
C.

C. Iba-iba ang uri ng paglilingkod na ibinibigay ng mga kasapi sa barangay. Punan ang bawat bilog ng isang uri ng paglilingkod.




D. Sagutin ang word puzzle. Isulat sa loob ng bawat kahon ang angkop na titik para mabuo ang sagot. Isulat sa kwaderno ang sagot.




1. tawag sa pamahalaan ng mga unang Pilipino
2. namamahala sa mga gawaing panrelihiyon
3. pinuno sa barangay
4. mga taong bumubuo sa lupain ng tumutukoy sa pinuno
5. namamahala sa paggawa ng mga kasangkapan.

## TANDAAN MO

- *Ang barangay ng mga sinaunang Pilipino ay pinamumunuan ng datu.*
- *Ang barangay ay binubuo ng 30 hanggang 100 pamilya.*
- *Malawak ang kapangyarihan ng datu. Siya ang mambabatas, tagapagpatupad ng batas at tagahatol.*
- *Ang kasapi ng barangay ay kinakailangang maglingkod sa barangay sa panahon ng pagtatanim, pag-aani, digmaan, paglalayag at pagpapatayo ng bahay.*

## ISAPUSO MO

- Kung ikaw ay nabubuhay na noong panahon ng mga unang Pilipino, alin ang pipiliin mo – maging datu o maging kasapi ng isang barangay? Bakit?
- Kung ang pinili mo ay maging datu, ipaliwanag kung paano mo ipatutupad ang mga batas sa barangay.
- Kung ang pinili mo ay maging kasapi ng isang barangay, ipaliwanag kung paano ka magiging produktibong mamamayan.



## GAWIN MO

Gaano ang alam mo sa iyong barangay?  Kapanayamin ang sinuman sa mga nanunungkulan sa barangay tungkol sa sumusunod:

1. pangalan ng barangay:
2. lokasyon:
3. sinu-sino ang namumuno sa barangay?
4. anu-ano ang suliranin sa barangay?
5. paano ka makatutulong sa iyong barangay?



## PAGTATAYA

Isulat ang titik ng tamang sagot sa kwadernong sagutan.


1. Alin ang pinagmulan ng salitang barangay?
   - A. Balaghay
   - B. Balanhay
   - A. Balangay
   - B. Balanghay

2. Ano ang tawag sa pamahalaan ng unang Pilipino?
   - A. Balangay
   - B. Barangay
   - C. Pamahayan
   - D. Pamayanan

3. Sino ang namamahala sa mga gawaing panrelihiyon sa pamayanan?
   - A. datu
   - B. panday
   - C. babaylan
   - D. kagawad

4. Sino ang namamahala sa paggawa ng mga kagamitan sa barangay?
   - A. datu
   - B. panday
   - C. babaylan
   - D. kagawad

5. Alin sa sumusunod ang HINDI tungkulin ng datu?



A. tagapaghukom
B. tagapagkasundo
C. tagagawa ng batas
D. tagabayad ng buwis

6. Alin sa sumusunod ang HINDI tungkulin ng kasapi?
   A. magbayad ng buwis
   B. maglingod kung may digmaan
   C. magpataw ng parusa sa may sala
   D. tumulong sa pagpapatayo ng bahay

7. Aling lupon ang tumutulong sa datu sa paglilitis ng mga kaso?
   A. panday C. kabataan
   B. babaylan D. matatanda


8. Ilang pamilya ang bumubuo ng isang barangay?
   A. 10-20 C. 30-100
   B. 20-50 D. 40-150

9. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng kapangyarihan ng isang datu?
   A. pagbibigay ng armas
   B. pagpapakita ng mabuting ugali
   C. pagkuha ng ari-arian ng nagkasala
   D. pagpapahalaga sa mga kasangkapan

10. Sino sa mga sumusunod ang pinupuntahan ng mga kasapi na may sakit?
   A. datu C. panday
   B. babaylan D. kapitan

## PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Magtanong sa kapitan ng inyong barangay tungkol sa mga tungkulin ng datu noong unang panahon. Isulat sa kwaderno ang iyong sagot.



Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.